

**Para sa mga banyagang mag-aaral na nais magpatuloy ng pag-aaral  
sa Public Senior High School ng Aichi-ken (Kouko)**

**1) Sa mga nagkatapos o sa mag-tatapos pa lamang ng Junior High School  
(Chuugakkou)**

(1) Sa mga nakapagtapos at mag-tatapos pa lamang ng junior high school sa loob ng Aichi-ken.

Sumangguni sa Junior High School (Chuugakkou) na pinapasukan o pinagtapusan hinggil sa application form (Shutsugan) para sa Senior High School, at sa karagdagang dokumento katulad ng Entrance to school Application Form.

(2) Ang mga nakatapos ng junior high school (Chuugakkou) galing sa labas ng Aichi-ken Prefecture ay maaring makipag-ugnayan sa Upper Secondary Education Division

Koutougakkoukyouiku  
(高等学校教育課) tel.no. 052-954-6786

**2) Sa mga nakapagtapos ng (Junior High School) sa ibang bansa.**

**(1) Requirement para sa aplikasyon (Shutsugan Shikaku).**

Sa ilalim ng kondisyong nakatapos ng 9 na taong pag-aaral mula elementary hanggang junior high school (grade 9) sa ibang bansa.

Dalhin at ipasuri ang mga sumusunod na dokumento sa Upper Secondary School Division (Kotou Gakkou Kyouiku-ka)

◆ Mga dokumentong makaka-pagpatunay na nakatapos ng junior school or grade 9 sa pilipinas. (Transcript of records, Graduation Certificate, o Diploma)

◆ Dokumentong makapagtutukoy ng nasyonalidad katulad ng alien card (在留カード), passport, residence certificate (住民票)

Matapos suriin at malaman qualified ang resulta nito ay padadalhan kayo ng kinakailangang dokumento para sa requirements. Application qualification confirmation

ShutsuganShikakuKakuninSho  
(出願資格確認書). medyo may katagalan ang proseso ng may ilang araw. Kaya naman

ipinapayo ang agarang pag-apply nito.

Gayundin, ang kinakailangang dokumento para sa requirements katulad ng application for admission (Nyuugaku Gansho), matapos masuri at malamang qualified ang resulta ay ipadadala ito sa Upper Secondary Education Division sa huling linggo ng Nobyembre.

## **(2) Kunsultasyon Tungkol sa Requirements (Shutsugan)**

Sa mga nakatapos ng elementarya (grade 9) o junior high school sa ibang bansa, at nais kumuha ng entrance examination para sa Aichi-ken Public High School (Kouritsu Koutou Gakkou), Makipag-uganayan sa lalong madaling panahon sa Upper Secondary Education Division hinggil sa mga requirements (Shutsugan Shikaku) at mga aralin kapag nakapasok na ng senior high school.

Wikang Nihonggo ang gagamitin sa Pagsusulit ng entrance exam, interview at maging sa loob ng klase kapag nakapasok na ng senior high school.

## **3) Foreign Selection Entrance Exam (Gaikokujin seito tou senbatsu) para sa mga banyagang mag-aaral -full-time course (Zennichisei katei)**

Ang mga Paaralan ng Senior High School na Nagsasagawa ng Special Selection System Entrance Exam para sa mga banyagang mag-aaral.

Kenritsu Nagoya Minami Koutou Gakkou (General Course).

Kenritsu Nakagawa Shougyou Koutou Gakkou (Commerce Course).

Kenritsu Komaki Koutou Gakkou (General Course).

Kenritsu Iwakura Sougou Koutou Gakkou (General Studies)

Kenritsu Higashiura Koutou Gakkou (General Course).

Kenritsu Koromodai Koutou Gakkou (General Course).

Kenritsu Toyota Kougyou Koutou Gakkou (Industrial Course).

Kenritsu Anjo Minami Koutou Gakkou (General Course).

Kenritsu Chiryu Koutou Gakkou (General Studies)

Kenritsu Toyohashi Nishi Koutou Gakkou (General Studies).

Kenritsu Toyokawa Kougyou Kouto Gakkou (Industrial Course).

Ang sakop ng sistemang ito ay ang mga mag-aaral na kasama ang mga magulang na naninirahan sa loob ng Aichi-ken. Mga batang banyaga na nakapag-aral ng ika-4 na baitang (grade 4) sa elementarya. Maging ang mga naninirahan sa loob ng 6 na taon pagkatapos makapasok sa Japan, ay pinapayagan ding mag-apply. At yung mga batang natapos ng ika-3 baitang (grade 3) na paulit-ulit ng nag-ta transfer o labas masok ng Japan at Pilipinas ay kasama rin sa kategorya ito. Gayundin ang may mga bukod tanging dahilan, na maaring payagang makakuha ng Application Qualification form (Shutsugan Shikaku Sho).

**Gaikokujin seito tou senbatsu** (Foreign Selection Entrance Exam) ay 3 subjects Japanese, Math, foreign language (English) na pinag-isa at inayos ang nilalaman ng exam. Sa ibabaw ng kanji ay may nakasulat ng hiragana (rubi).

Ang mga banyagang mag-aaral na kumuha ng exam at hindi nakapasa ay kukuha pa din na ng general selection exam (Ippan Senbatsu). Kaya isang Foreign Selection Entrance Exam at General Selection Exam ang kukunin sa mag-kasunod na araw.(mauuna munang mag-take ng foreign selection exam bago ang general selection exam)  
Ang General Selection Exam ay 5 subject (Japanese , Math , Social Studies , Science , at foreign language (English).

#### **4) Konsiderasyon sa pag-susulit ng mga Banyagang mag-aaral para sa Part time course (Teijisei katei.)**

Ang part time course (<sup>Teijisei</sup>定時制), ay may hiragana sa ibabaw ng kanji ng entrance exam.(sa mga paaralang nag-sasagawa ng entrance exam)bukod sa interview o individual consultation.

Ang maaaring makatanggap ng konsiderasyong ito, ay ang mga sumusunod.

- ◆ Mga mag-aaral na nag-transfer o nakapag-aral ng grade 4 pataas dito sa japan.
- ◆ Wala pang 6 na taong nakatira at nakapag-aral dito sa Japan.

Titiyakin ng Junior High School o ng Upper Secondary Education Division kung ito ba ay naayon sa kondisyon.

#### **5) Paraan sa pag-pili ng Senior High School**

Makikita sa homepage ng Aichiken Board of Education Department of High School ang

mga detalye tungkol sa mga school na pag-pipilian 「<sup>Sagas o M y S c h o o l</sup>探そマイ! スクール」

(<http://aichi.mgxis.jp/myschool/default.asp>) Paki research na lamang sa homepage

At sa 『<sup>KouritsuKoutougakkoug u i d e b o o k</sup>公立高等学校ガイドブック』 **Public High School Guide Book** ay makikita din.

Sa mga may nais o gustong bumili ng guide book na ito ay tumawag lamang sa Aichiken

Kyouiku Shinkoukai(Aichiken Education Promotion Association)<sup>AichikenKyouikuShinkoukai</sup>愛知県教育振興会

(tel.no. 052-961-8501)

Aichiken Board of Education Committee  
Upper Secondary School Education Division  
Career Guidance Group/Vocational Counseling Group

<sup>Shinroshidou G r o u p</sup>  
(進路指導グループ)

Tel.no. 052-954-6786